# CHAPTER 3

Damon POV;

'Ang lakas ng loob nya... pinahiya ba naman ako sa canteen kahapon! Mag babayad sya sa ginawa nya!!'

*('____')*

Anyway kakarating ko lang sa school at pinark ko na ang kotse ko... bumaba ako at nag lakad na palabas ng malaman kong ang sarili kong dahan dahan napalingon kung saan nag park yung babaeng yun kahapon

"Nandito na sya"

*(-______-)*

Nag lakad ako sa hallway at ganun na naman ang mga tinginan at tilian sa paligid ko pero wala ako sa mood para intindihin sila

Pero habang nag lalakad ako may nakaagaw pansin kaya nung medyo lumapit ako sa isang bench naaninag ko sya or sila

"Alam mo chloe baka hindi ka tumagal ng isang linggo dito at baka mapaalis kapa ng di oras dito!" Sabi ng nung isang babae nasa college na sya sa pag kakaalam ko dahil sa soot nya

"Tsk!"

"Yan... sa pag gagaganyan mo jan ka napapaaway!"

"Hindi ako yung nag rst move okay... diko sya papatulan kung wala namang ginawang kabwisit bwisit yung sintu sinto na yun.." inis na sabi ni chloe

'Tsk! Gagung yun... ako pa sinabihang sintu sinto'

"Tyaka binasag nya yung side mirror ng kotse ko"

*(●_____●)*

"Ano?!" Silang lahat pwera lang kay chloe

"Tsk! Kung di ba naman gago e.."

'Anak ng.... ang lakas naman ng kutob non. Pero hindi ko pinag sisisihan yung ginawa ko hahaha buti nga sayo..'

Hindi ko na sila pinansin at nag lakad na paalis... hindi ko alam kung paano nya nalaman na ako yung nag basag dahil nung ginawa ko yun walang katao tao sa parking lot at sigurado ko yun.

Pero paakyat pa lang sana ako ng hagdan ng biglang...

"Hoy..."

Napatingin ako sa likod ko at nag tama ang mata namin pero ni isang emosyon wala syang pinakita sakin

"Anong problema mo?! Diba sabi ko ayoko ng makita yang pag mumuka mo?" Sigaw ko sakanya pero humakbang sya ng isa papunta sakin at medyo nilapit nya ang muka nya

"Bakit... sino ba'ng may sabi na gusto kitang makita huh?"sarkastikong tanong nya at deretsyong deretsyo syang nakatingin sa mata ko

"Pwede ba!!" Tinulak ko sya "Wag mo nga akong lalapitan.. baka gusto mong makatikim?!" Sigaw ko pero nginisihan lang ako

*(-_________-)*

'Nakakabwisit...Nakakairita.. gusto ko syang suntukin pero may part pa rin sakin na hindi pwede kasi..... BABAE SYA'

Tumayo sya ng maayos at pinagkrus ang mga kamay nya

"Bakit ginawa mo yun?" Seryosong tanong nya at deretsyong tumingin sa mata ko at natigilan naman ako

"Ang alin?!! Inaano kita?! Ikaw to'ng sinapak ako sa canteen! Sino ka para gawin sakin yun!? Babae ka lang at Lalaki ako!!" Inis na sigaw ko sakanya pero tinignan lang nya ako ng parang wala syang pakelam sa sinabi ko

"Tsk! Iisa tinanong ko ang dami mong sinabi...."

'Aba!! Ang tibay!!!!

"Pwede ba!!! Wag kang feeling close. I said i don't want to see your face!!" Sigaw ko at naiyukom ang mga kamao pero pinipilit ko pa ring kumalma

"Ke lalaki mong tao ang ingay ingay mo... sagutin mo na lang tanong ko.. bakit mo ginawa yun?" Walang ka gana gana nyang tanong

'Naknampucha!!!'

*(>>>>_____

"E-eeh... a-anong pakialam mo?! Kasalanan mo yun!!" Sigaw ko

"Tsk! Anong pakialam ko? Ilang beses bang binaliktad yang utak mo nung bata ka? Malamang kotse ko yun e nagiisip kaba?" Taas kilay na tanong nya

"E-ehh a-ano n-naman?!"

'Oyy damon kumalma ka nga bakit ka nauutal nyeta!!'

"Sinasabi ko sayo Mr. Demon just get to know me rst..bago mo ko banggain sa mga bagay na ganyan" seryosong sabi nya at nag lakad

"H-ha?! O-oyy hindi d-demon pangalan ko Damon!! D-A-M-O-N---- a-arayyyyy!!!!" Napasigaw ko ng apakan nya yung paa ko

"I don't care.... at hindi ako interesado" walang ganang sabi nya at nag patuloy ng umakyat

'Argghhh!!! Humanda ka saking babae ka! Talagang ginagalit moko ah!'

"F*ck ang sakit..."bulong ko at medyo ginalaw galaw yung paa ko

'Tsk! Ang bigat nun"

*(-_-)*

Pinilit kong umakyat dahil malelate na ako. Ng makarating ako sa tapat ng room namin nakita ko silang nag lalabasan at dala ang mga bag tyaka sila pumila sa tapat

"Oh.. damon buti dumating kana pumila kana mag aayos si miss Fajardo ng seating arragement" boring na kwento ni zeke

"Dre bakit ang tagal mo naman yata?" Tanong ni andrew

"A-ah.. n-na trac lang ako" pag papalusot ko

"Tsk!" Ng marinig ko yun tumingin ako sa gilid at nandun si chloe

"Anong pinag tsk! Tsk!---mo jan?!" sigaw ko sakanya pero tinignan lang nya ako ng walang emosyon

'Nanggigigil nako sayo ha!'

"Wag kang sumasabat pag hindi ikaw yung kinakau---"

"Quiet! Mr. Cortton... Why are you late?" Nakataas na tanong ni miss fajardo

'Nyemas!'

*(●____•)*

"N-na T-trac lang po miss" nakayuko kong sabi

"Tsk!"

Tumingin ako sa gilid ko at nakangisi sya

*(-______-!)*

'Arghhhh!!! Babawi ako letche!!!'

Nagsimula na si miss na mag assign sa kanya kanyang seating arragement. Habang pabawas kami ng pabawas naiinis ako dahil minsan nag kakatinginan kami at lagi ayang nakangisi

'Tsk! Tignan natin kung mag yabang kapa ng ganyan kapag nakilala moko'

*(- _-)*

"Mr. Cortton..." mahinang tawag ni miss kaya napatingin ako

"P-po?"

"Pumasok kana... dun ka sa tabi ni Ms. Scott"

*(●_____________●)*

"P-po... b-bbakit po?"

"Anong bakit? Eh doon kita pinapaupo... mag uusap tayo pag pasok mo" makapangyarihang sabi nya kaya wala nakong nagawa kundi pumasok at hanapin ang upuan ni chloe

Nilibot ko ang kabuoan ng room at nakita ko si chloe sa bandang dulo at nakatingin sya sakin ng deretsyo pero wala ni isang emosyon syang pinakita sakin

'Abnormal amp.'

*(-___-)*

No choice ako kaya nag lakad ako papunta sa upuan namin... pero nakatitig pa rin sya sakin kaya napakunot yung noo ko

"Why are you staring me like that huh? Gwapong gwapo kaba?" Sarkastiko kong sabi pero ngumisi lang sya at...

"Na cute-an lang ako sa muka mo..." natigilan ako sa sinabi nya at nawala ang pag ka kunot ng noo ko at napatingin sakanya

"T-talaga?" Tanong ko pero ngumiti sya ng malaki na sobrang kinagulat ko at napatitig ako sa ganda ng ngiti nya

"Oo... ang cute ng muka mo kasi... kamuka mo yung aso naming chow chow" matawa tawa nyang sabi kaya kusang nag init ang ulo ko at tinitigan sya ng masama

"Mr. Cortton take your seat.." rinig kong usal ni miss kaya hanggang sa makaupo ako nakatitig ako sakanya pero bumalik na sa dati ang ekspresyon ng muka nya

'Cold, serious, weird'

*(- , -)*

"Ayoko sa lahat yung pala-away...." paunang salita ni miss kaya agad kaming napatingin sakanya... seryoso ang muka nya at masasabi kong nakakatakot ito

"Ayoko yung masyadong matapang... At ayoko sa lahat yung mayabang... sa Klase ko!" Biglaang sigaw ni miss at nagulat ako ng dahan dahan syang lumingon sa gawi namin

"Baguhan ka pa lang dito pero ganyan na ang tinatrato mo sa skwelahang to!!" Sigaw ni miss kaya agad akong napatingin kay chloe na parang walang pakialam sa sinasabi sakanya ni miss

"At worst... ang kaisa-isang pamangkin pa ng may-ari nitong school ang sinaktan mo!!" Sigaw ni miss kaya medyo napatingin ako kay chloe na ganun pa rin ang reaksyon ng muka nya

'Tss... ano ba namang tao to... tao ba talaga to?'

*(-_____-)*

"Hindi ko naman papatulan yang pamangkin ng may-ari ng school na ito kung wala syang ginagawa sakin...." malumanay na sagot ni chloe

'WTF. Walang galang...'

"So mali PO ako... ganon PO ba?" Sarkastikong tanong ni miss

"Hindi naman sa ganon.... pero parang ganun na nga.." usal ni chloe na kinatayo ng balahibo ko

'Kahit gago-gago ako hindi ako ganyan ka bastos sumagot sa mga matatanda...'

"Miss Scott and Mr. Cortton Go to Dean's oce... Now!!!" Gigil na sigaw nya na kinagulat ko

"P-pero m-miss bakit kasama ako?" Takang tanong ko

"Dahil involve ka sa g**o kahapon sa canteen!" Sigaw nya kaya wala nakong naga kundi mag lakad palabas kaya naabutan ko si chloe na nakapamulsa at nag lalakad ng malumanay

"Hoy!!!" Tawag ko

Tumingin lang sya sakin tapos nag patuloy pa rin sa pag lalakad

"Kapal ng muka mong sumagot sagot kay miss... bakit sino kaba sa akala mo? Hindi pwede sakin yang ugali mo

Pero napahinto ako nung huminto sya pero hindi aya humaharap sakin

"Pwede ba... ke lalaki mong tao mabunganga ka.." malumanay na sabi nya at dumeretsyo na ng lakad

'Arghhhh!!! Nakakainis na tong babaeng to ah!'

Ng makarating kami sa D.O. ay medyo natahimik ako at prenteng umupo sa isang mahabang sofa dito sa loob hanggat wala pa si Dean....

Maya maya pa ay narinig ko na ang pag bukas at sara ng pinto na senyales na nanjan na si Dean kaya inangat ko ang paningin ko na agad namang nag tama ang paningin namin

"Mr. Cortton you're here..." malumanay na sabi nya at alam kong may pag ka sarkastiko yun

"As always Dean..." seryosong sabi ko pero hindi na nya ako muling pinansin

May namuong katahimikan sa pagitan naming tatlo habang palipat lipat lang ang tingin ni dean samin

"So ano na namang katarantaduhan ang pinag gagagawa mo sa loob ng campus huh! Mr. Cortton?" Maotoridad na tanong nya

Ngumisi ako sakanya at pinag krus ang braso ko

"I don't know what are you talking about dean... wala akong ginagawa jan sa babaeng yan"

"Tsk!"

"At ikaw ms. Scott i heard na sinuntok mo daw si mr. Cortton it's that true?" Mahinahong tanong nya

"Yes dean"

"Then why did you do that?"

"Because he's insane.."

*(●________•)*

"W-what?!!"

"Low your voice mr. Cortton you're in my oce!"

'Siraulo talaga tong babaeng to e... namumuro na sakin to.'

"Ano ba talaga ang nangyare?" Nakakunot na tanong ni dean

Napatingin ako kay chloe at sinamaan ko sya ng tingin habang sya ay kalmang kalamang nakatingin kay dean

Nag simula syang mag kwento at halos lahat nakwento nya at eto na naman kami ng magaling kong tito

"Mag uusap tayo mamaya Damon" malamig na sabi nya at tyaka tumayo sa kinauupuan nya

"Go to your class... ayoko ng mauulit ulit ito naiintindihan nyo?"

"Yes dean" - kaming dalawa

Tinanguan na lang kami ni dean tyaka sya pumasok sa kabilang pinto actually dalawa ang oce nya

Nauna ng lumabas ni chloe kaya lumabas na din ako. Habang nag lalakad sya hindi ko maiwasang mapaisip

'Tomboy siguro talaga to... porma pakikitungo pati na yung kilos panlalaking panlalaki tsk!'

Ngumisi na lang ako sa sarili kong naisip at iiling iling na nag patuloy sa pag lalakad

"Tignan natin kung makatagal kapa dito dahil hindi mo magugustuhan ang gagawin ko sayo" bulong ko sa sarili ko at tatawa tawang lumihis ng lakad

********************

KEEP READING ( ˳♡‿♡ ˳ )

FOLLOW ME ON MY WATTPAD

@BlueWinter24